

Paano Linisin ang Usok at Uling mula sa Sunog

Pahina ng Katotohanan sa Kalusugan

Enero 23, 2025

ENVIRONMENTAL HEALTH



Ang usok at uling ay maaaring kumalat at pumasok sa mga silid na nakakaapekto sa pintura, alpombra, tapiserya (upholstery), mga kurtina, mga damit at anumang iba pang mga gamit. Ang unang hakbang na dapat gawin kapag naglilinis pagkatapos ng sunog ay ang pahanginan ang lugar ng sunog at alisin ang mga basura. ginagamit ang lubusang paglilinis at pag-neutralisa ng parehong mga naipong dumi at amoy, kabilang ang paglilinis ng mga panlabas na ibabaw tulad ng kagamitan sa palaruan, bago ang anumang pagpapanumbalik (restoration) o muling paggamit.

Paalala: Kung mayroon kang mga anak, ipagkatiwala muna sila sa isang kamag-anak o kaibigan habang naglilinis ka pagkatapos ng sunog. Maaaring hindi ligtas para sa mga bata ang lugar, at ang makita ang pinsala ay maaaring magdulot ng matinding lungkot sa kanila at magdulot ng pangmatagalang epekto, kabilang ang mga bangungot.

Paano Magsimula – Mga Pangkalahatang Pamamaraan sa Paglilinis

Ang uri ng sunog ang magpapasya sa tamang paraan ng paglilinis. Ang **sunog na may mataas na antas ng oxygen** ay mabilis kumalat, kaya mas mapanira at mas mahirap apulain. Karaniwan, ang mga **sunog na may mataas na antas ng oxygen** ay nag-iiwan ng tuyo at mala-alikabok na uling. Narito ang tamang paraan ng paglilinis.

Mga Rekomendasyon at mga Patnubay sa Paglilinis:

- Magsuot ng mga guwantes tulad ng mga pantahanan na guwantes na panghugas ng pinggan, mga kamiseta na may mahabang manggas, at pantalon upang maiwasan ang pagdikit sa balat. Kung magkaroon ka ng anumang abo sa iyong balat, hugasan ito sa lalong madaling panahon.
- Magsuot ng personal na kagamitang pamproteksyon, tulad ng maskarang pang-alikabok (mas mainam na N95 na maskara), upang maiwasan ang paglanghap ng abo at iba pang maliliit na butil na nasa hangin.
- Pahanginan ang lugar (buksan ang mga bintana, atbp.) upang alisin ang uling at amoy.
- Alisin ang nasunog na mga basura upang mabawasan ang mga amoy.
- Maglagay ng dehumidifier upang makontrol ang halumigmig sa hangin (relatibong halumigmig), lalo na sa mga lugar kung saan ginamit ang tubig upang apulain ang sunog.
- Mabilis na suriin ang mga nilalaman ayon sa halaga, upang matukoy kung kailangan itong linisin o alisin.
- Upang alisin ang uling at usok sa mga dingding, muwebles, at sahig, gumamit ng banayad na sabon o sabong panglaba (detergent), o ihalo ang **4 hanggang 6 na kutsara** ng tri-sodium phosphate sa **1 tasang** panglinis ng bahay o chlorine bleach sa bawat **galon** ng maligamgam na tubig. Magsuot ng guwantes na goma. Siguraduhing banlawan ang mga ibabaw gamit ang malinis at maligamgam na tubig, at patuyuin nang husto.
- Hugasan ang mga dingding nang paunti-unting bahagi, simula sa ibaba pataas upang mapigilan ang mga mantsa o guhit. Agad na banlawan gamit ang malinis na tubig.
- Huling hugasan ang mga kisame.
- Upang mabawasan ang posibilidad ng paglago ng itim na amag at puting amag (mold and mildew), punasan ang lahat ng basang ibabaw gamit ang solusyon na may halong **1 tasa** ng likidong panglinis na bleach sa bawat **galon** ng tubig. **Una, subukan ito sa isang maliit na bahagi upang matiyak na walang magiging**

pagkupas ng kulay. Upang gawin ang pagsubok, punasan ang bahagi gamit ang solusyon at hayaang matuyo sa loob ng 24 na oras.

- Huwag pintahan muli ang mga dingding at kisame hanggang sa hindi pa ganap na tuyo pareho.
- Ang nalilinis na papel na nakadikit sa dingding (wallpaper) ay maaaring linisin tulad ng mga pininturahang dingding, ngunit huwag basain nang lubusan ang papel. Gumamit ng komersyal na pandikit upang muling idikit ang anumang nakalaylay o natanggal na bahagi.
- Punasan ang lahat ng metal na ibabaw gamit ang mantika upang mapigilan ang kalawang at mantsa.
- Upang alisin ang pagbabago ng kulay sa hindi kinakalawang na asero (stainless steel), ilubog ang isang malambot na tela sa suka at kuskusin ang ibabaw ng hindi kinakalawang na asero. kuskusin ang ibabaw hanggang sa mawala ang lahat ng mantsa/guhit.
- Linisin ang plastik o mga ibabaw tulad ng PVC na bintana at mga ibabaw na pininturahan ng puti gamit ang banayad na sabong panglaba (detergent) upang alisin ang posibleng maasidong uling na maaaring magpalabas ng halumigmig sa hangin at magdulot ng permanenteng mantsa.
- Ang mga kaldero, kawali, kubyertos, at iba pa ay dapat hugasan gamit ang tubig na may sabon, banlawan, at pagkatapos ay pakintabin.
- Palamanan ng dyaryo ang mga bag at sapatos upang mapanatili ang kanilang hugis. Iwanang nakabukas ang mga maleta.
- Ang mga produktong naglalaman ng mga pabango ay hindi dapat gamitin sa paglilinis, dahil tinatakpan ng mga ito ang mga amoy.
- Kung hindi matanggal ang mantsa sa ibabaw, isaalang-alang ang paggamit ng espesyal na pintura (na may pampigil sa pagtagos ng mantsa [anti-bleed] na katangian) upang maalis ang mantsa. Karaniwan, ang ganitong uri ng pintura ay gawa sa mga **lacquer** o **base sa langis (oil-based)**.

Mga Pamamaraan sa Paglilinis para sa Mga Partikular na Uri ng Pinsala

Para sa Pinsala Dahil sa mga Sunog na may Mataas na na Antas ng Oxygen: Gumamit ng tuyong kemikal na espongha na espesyal na inilaan para alisin ang unang naipong dumi, at pagkatapos ay gumamit ng banayad na sabong panglaba (detergent).

Para sa Pinsala Dahil sa Sunog sa Kusina: Kailangan ang lubusang paglilinis dahil maaaring hindi agad makita ang mga natitirang dumi. Tandaan na kadalasang kailangang alisin ang mga laman ng kabinet at mga drawer sa kusina upang malinis ang mga nakatagong bahagi.

Paglilinis ng Makapal na Natitirang Dumi: Maaaring kailanganin ang tulong ng mga propesyonal at paggamit ng makinarya sa paglilinis. Kabilang sa mga paraan ng paglilinis ang mga sumusunod:

- Pagbuhos ng buhangin (sandblasting) gamit ang mababang presyon
- Pagbomba gamit ang sodium bicarbonate
- Pagbomba gamit ang tuyong yelo (dry ice)
- Paglilinis ng Mabuti (power washing) gamit ang mataas na presyon ng singaw (steam)
- Paggamit ng kemikal at paggalaw (agitation)
- Hindi mapanirang pagbomba gamit ang goma (rubber blasting)

Mga Pamamaraan sa Paglilinis para sa Mga Partikular na Materyales

Mga Kurtina at Tapiserya (Upholstery): Ang uling ay may langis kaya't dapat itong alisin hangga't maaari gamit ang isang malakas na vacuum. Sa mga telang may uling, huwag gumamit ng patayong vacuum o anumang makina o nakakabit na may brush o beater bar, dahil maaaring maikalat nito ang uling sa iba pang gamit at gawing mas mahirap linisin. Iposisyon ang dulo ng vacuum nang bahagyang sa ibabaw ng tela at hayaang higupin ng vacuum ang uling mula sa ibabaw. **Kaagad** pagkatapos maglinis, takpan ang mga gamit ng malilinis na sapin upang mapigilan ang muling pagdumi habang patuloy kang naglilinis. Huwag labhan sa washing machine ang mga kortina o ibang materyal na nangangailangan ng tuyong paglilinis (dry cleaning).

Alpombra: Gumamit ng rotary scrubber o extraction machine mula sa isang paupahang tindahan o supermarket, o kumuha ng propesyonal na tagalinis ng alpombra.

Mga Damit at Mga Kumot: Ang amoy ng usok ay maaaring manatili sa mga tela nang mahabang panahon hangga't hindi natatanggal ang lahat ng hindi nasunog na kemikal. Marami sa mga ito ay hindi nakikita ng mata. Ibadad magdamag gamit ang sabong panglaba (detergent) at labhan nang normal. Para sa mga gamit na maaaring gamitan ng bleach, magdagdag ng panglaba na bleach sa karaniwang paghuhugas.

Mga Matigas na Materyales – May maliliit na butas [Porous (mga pininturahang ibabaw, wallboard, plaster, wallpaper, lantad na kahoy)]:

Kung may uling sa mga maliliit na butas (porous) na ibabaw, inirerekomenda namin ang paggamit ng tuyong kemikal na espongha upang matanggal hangga't maaari ang uling. Makakatulong ang hakbang na ito upang mapigilan ang pagtagos ng uling sa ilalim ng ibabaw, na maaaring magdulot ng permanenteng mantsa.

Mga Matigas na Materyales – Kakaunti ang mga maliliit na butas [Porous (baldosa, mga countertop, selyadong kahoy, salamin, metal, mga kasangkapan, at vinyl na wallpaper)]:

Gumamit ng espongha, tuwalya, o lampaso na may pantahanang panlinis na sabong panlaba (detergent).

Mga Mungkahi sa Paglilinis ng Kagamitan sa Palaruan

Ang kagamitan sa palaruan ay maaaring linisin gamit ang mga pamamaraang nabanggit sa itaas. Gayunpaman, para sa mga sandbox, hindi epektibo ang lubusang paglilinis upang maalis ang abo at uling. Palitan ang buhangin ng bagong buhangin upang masigurado ang kaligtasan at kalinisan

Mga Mungkahi sa Kaligtasan Habang Isinasagawa ang Pagpapanumbalik na Pagsasaayos (Restoration)

- Huwag gumamit ng mga kagamitang de-kuryente na nalapit sa sunog.
- Huwag gumamit ng mga ilaw sa kisame kung basa ang kisame.
- Huwag hawakan ang anumang bagay sa iyong unang inspeksyon upang mapigilan ang paglipat ng uling mula sa isang gamit patungo sa iba.
- Kung kinakailangan, kumuha ng propesyonal na tulong sa mga pagsasagawa ng pagpapanumbalik na pagsasaayos (restoration).

Para sa mas marami pang impormasyon, makipag-ugnayan sa **Environmental Health Division** sa (888) 700-9995 o mag-email sa ehmail@ph.lacounty.gov.